

Biktima ng DV - Hindi kayo nag-iisa, may mga handang tumulong sa inyo kaya't huwag mag atubili. Magkonsulta na kaagad!

Support chart para sa mga biktima ng DV(domestic violence)


Isa sa 17 na couples o magkapareha ay nag-aasawa ng dayuhan. Subalit marami din ang pumupunta at humihingi ng payo sa FICEC tungkol sa domestic violence. Sa isang pantay na relasyon, kung parehas ninyong nasasabi ang nasasaloob, ito ay isang pagtatalo. Subalit kung sapilitan kayong kinokontrol ng iyong kasama at hindi alintana ang inyong karapatang

pantao, ito ay domestic violence. Kapag hindi ninyo maayos ang problema at kayo ay natatakot para sa iyong kapakanan huwag mag atubiling humingi ng tulong. Sa 2001 Domestic Violence Law (Batas ukol sa suporta sa biktima ng domestic violence) ay itinatag at suporta para sa mga biktima. Sa ibaba ay ang ilang mga impormasyon.

Support chart para sa ligtas na pamumuhay



Ang biktima



Paglipat sa tirahan na may suporta para sa mag-iina o apartment

Ang kaugaliang pagdiriwang sa pagsapit ng ika 20 taong gulang ay nagsimula daw sa Warabi City Saitama. Sa pagsapit ng ika-20 taong gulang, ipinagdiriwang ang kanilang pagiging nasa edad (adults). Ngayong taon, ito ay gaganapin sa Enero 13. Sinumang ipinanganak mula Abril 2, 1993 hanggang Abril 1, 1994 ay inaanyayahang sumali sa seremonya. Ang mga binata at mga dalaga ay nakasuot ng magagarang kasuutan. Maki-isa tayo sa kanilang pagdiriwang. Pinadala na ng munisipyo ang imbitation para sa seremonyang gaganapin.

Natanggap na ba ninyo imbitasyon sa pagdiriwang sa pagiging 20 taong gulang?

Mag-ingat sa norovirus at influenza ngayong taglamig. Ugaliin ang paghuhugas ng kamay

Ngayong taglamig ay uso ang pagkakasakit. Ang bird flu ay isa sa mga delikadong sakit. Gayundin, ang Norovirus ay nakukuha sa bacteria o lason sa pagkain at ito ay kalimitan tuwing taglamig (mula Nobyembre hanggang Disyembre). Ang pagpasok ng bacteria ng influenza at norovirus sa bibig ang simula ng pagkakasakit. Kaya mahalaga ang madalas na paghuhugas ng kamay para makaiwas. Kapag naramdaman na parang magkakasakit, kumunsulta agad sa doktor.



Ang bisekleta (gaya ng sasakyan) ay dapat sa kaliwang bahagi dapat dumaan. May kaparusahan sa hindi pagsunod sa batas na ito, pagkabilanggo ng hanggang 3 buwan o multa ng 50000 yen.

Ilang patakarán mula sa metropolitan police department:

- 1) Karaniwan sa daan tatakbo ang bisekleta. Sa di inaasahang pagkakataon lamang ito ay maaari sa sidewalk.
- 2) Dapat sa kaliwang bahagi ng daan ito tatakbo.
- 3) Kung hind maiiwasan dumaan sa sidewalk, paunahin ang mga naglalakad. Dahan-dahan lamang ang pagpapatakbo nito.
- 4) Sundin ang batas sa kaligtasan.
- 5) Dapat nakasuot ng helmet ang mga bata.
- 6) Kumbiniyente ang bisekleta subalit minsan ito ay nagiging sanhi ng aksidente. Kung noon ay nagbibigay lamang ng babala, magiging mahigpit na ang pagpapatupad ng batas nito. Bawal ang walang ilaw sa gabi, pagbisikleta kung lasing o paggamit ng nakabukas na payong.

Batas sa bisekleta, magiging mahigpit ang pagpapatupad simula Disyembre 1.

Mga batang may iisang magulang at papasok sa Elementary o Junior High School ay tatanggap ng regalo

Sa Miyoshi-machi, ang mga batang may iisang magulang, tatay man o nanay lang, na papasok sa elementary o junior high school ay tatanggap ng regalo. *Sino ang maaring tumanggap: 1)pamilyang isa lang ang magulang o pamilya na nagpapalaki ng naulilang bata. 2) Ang bata ay papasok sa elementarya o junior high school sa Abril 2014. 3) Ang pamilya ay nagbabayad ng buwis sa munisipyo. (pamilya na tumatanggap sa welfare ay hindi kabilang.)

Regalo: Gift tickets na 5000 yen

Mag-apply sa: Child Welfare Section, Children Support Division, hanggang Enero 31.
(Tel. 049-258-0019, extension 165)